

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Tinatawagan ang mga residente ng Brampton na magtrabaho sa Halalan ng munisipyo sa Oktubre 2022**

BRAMPTON, ON (Hunyo 16, 2022) – Simula sa Hunyo 17, ang mga kasapi ng publiko ay pwedeng mag-aplay para maging isang manggagawa sa Halalan sa Munisipyo at tumulong sa mga gawaing administratibo at customer service sa Araw ng Halalan, Oktubre 24. Higit sa 2,000 posisyon ang available. Ibibigay ang preperensya sa mga residente ng Brampton 18 taong gulang at mas matanda.

Ito ay isang magandang pagkakataon para magkamit ng mga bagong skill, makilala ang staff ng Lungsod at kumonekta sa inyong komunidad. May ilang posisyon na available at ang detalyadong mga paglalarawan ng trabaho ay available sa [www.brampton.ca/bramptonvotes](http://www.brampton.ca/bramptonvotes) sa Hunyo 17.

Bisitahin ang team ng Halalan sa Brampton Celebrates Pride event sa Garden Square sa Linggo, Hunyo 19! Mag-drop by sa kiosk na matatagpuan patawid mula Lorna Bissell fountain para masagot ang iyong mga tanong ng staff at mag-aplay kaagad.

### **Maiikling balita**

- Ang mga interesado ay pwedeng mag-aplay online sa [www.brampton.ca/bramptonvotes](http://www.brampton.ca/bramptonvotes) simula sa Hunyo 17.
- Available ang mga application na hard copy sa Tanggapan ng City Clerk sa City Hall, 2 Wellington Street West, starting June 17.
- Bukas ang Tanggapan ng City Clerk sa Lunes hanggang Biyernes (weekdays) mula 8:30 am hanggang 4:30 pm.
- Ang mga taong mapili ay aabisuhan sa Setyembre 2022, at kakailanganing mag-commit ng dalawa hanggang tatlong oras ng pagsasanay, kabilang ang pagrebyu sa loob ng klase at material, bago ang Oktubre 24, at magtatrabaho hanggang 14 na oras sa Oktubre 24.
- Available rin ang mga posisyon para sa paunang pagboto. Magaganap ang paunang pagboto sa Oktubre 7, 8, 9, 14 at 15.
- Ibibigay ang pagsasanay at ang bayad.
- Mas pinipili ang may karanasan dati at ang may computer skills.

### **Quote**

“May kwalipikadong base ng botante na higit sa 350,000, ang suporta ng mga manggagawa sa halalan ay napakahalaga sa mabisang pagpapatakbo ng Halalan ng Munisipyo. Ang sinuman na may diwang maglingkod ay welcome na mag-aplay. Ikaw man ay isang

estudyante na naghahangad na mas matuto tungkol sa pamahalaan ng munisipyo, isang bagong dating sa Brampton na gustong magkamit ng lokal na karanasan, o isang residente na gustong magbalik-bigay sa inyong komunidad, may pagkakataon para sa iyo!”

- Peter Fay, City Clerk at Returning Officer, Lungsod ng Brampton

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)